**HINTO**

# PAG-IINGAT PARA SA AIRBORNE

**Mga Bisita** mag-check in muna sa Nursing bago pumasok.

## PINAGHIHIGPITANG PAGBISITA

## BAGO PUMASOK:



**Maghugas o maglagay ng gel sa kamay**




**Gumamit ng respirator ng National Institute for Occupational Safety and Health (NIOSH, Pambansang Institusyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho) (N95/PAPR/CAPR)**

## IBA PANG KINAKAILANGAN:



**May mataas na priyoridad para sa Kuwartong Pang-isolate para sa Impeksiyong nasa Hangin. Kung available, panatilihing nakasara ang pinto.**



**Gumamit ng equipment na nakatalaga sa pasyente o disposable.**
**Linisin at i-disinfect ang equipment na maraming gumagamit.**

*Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.*

Washington State Hospital Association

6/5/2024

Washington State Department of HEALTH

**I-display sa labas ng pinto. Iwanang nakapaskil ang karatula at nakasara ang pinto sa loob ng isang oras upang hayaang dumaloy ang hangin sa kuwarto.**
**Aalisin ng tauhan ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula PAGKATAPOS lubusang malinisan ang kuwarto.**

***Pag-iingat para sa Airborne***

**PINAGHIHIGPITANG PAGBISITA DEPENDE SA KONDISYON: Dapat magbigay ang mga kawani sa mga bisita ng angkop na kaalaman at PPE alinsunod sa patakaran ng pasilidad.**
***PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (PPE)***

***Ang mga hakbang sa ibaba ay para sa lahat ng PPE, kunin lang ang PPE na nakalista sa unang pahina, bukod sa iba pang PPE alinsunod sa Mga Karaniwang Pag-iingat.***

| Paglalagay ng PPE (Pagsusuot) | Pagtatanggal ng PPE (Paghuhubad) |
|---|---|
| 1. Maglinis ng kamay<br>2. Magsuot ng gown na pang-isolate, higpitan ang mga tali/strap<br>3. Magsuot ng respirator o face mask; tiyaking angkop at nakalapat nang maayos<br>4. Magsuot ng face shield o goggles<br>5. Magsuot ng guwantes | **Kung nakasuot ng CAPR/PAPR, sundin ang tagubilin ng manufacturer para sa paggamit upang maialis nang wasto.**<br>1. Habang nasa kuwarto ng pasyente, alisin ang guwantes nang hindi nalalagyan ng kontaminasyon ang mga kamay.<br>2. Alisin ang gown - Tanggalin/kalasin ang mga tali, sirain ang mga tali kung angkop para sa mga disposable na gown. Alisin sa pamamagitan ng paghawak sa isang balikat muna bago lumipat sa kabila upang maialis sa bawat braso, ituloy ang paghila sa gown pababa at paalis sa katawan. Irolyo ang gown habang iniaalis ito at ilagay sa wastong lalagyan. Maaari ka na ngayong lumabas sa kuwarto.<br>3. Sa paglabas, maglinis ng kamay (gumamit ng sabon at tubig kung halatang marumi ito, o kung humawak ka ng dumi o kakagaling mo lang sa Pag-iingat para sa Contact Enteric).<br>4. Alisin ang face shield/goggles - iwasang hawakan ang harap ng pamprotekta ng mata na maaaring kontaminado.<br>5. Alisin at hawakan nang wasto ang respirator/face mask – iwasang hawakan ang harap na maaaring kontaminado at itapon o tanggalan ng kontaminasyon kung angkop.<br>6. Maglinis ulit ng kamay. |

**PARA SA PAGGAMIT SA MGA KONDISYON GAYA NG: (Sumangguni sa patakaran ng pasilidad)**
- Mga umuusbong na sakit o ayon sa bilin para sa Pag-iwas sa Impeksiyon.
- Pulmonary TB.

**PAGSASALUGAR SA PASYENTE**
- Ilagay ang pasyente sa pribadong kuwarto. Mas mainam kung Kuwartong Pang-isolate para sa Impeksiyong nasa Hangin (AIIR). Kung hindi available, sundin ang mga alituntunin ng pasilidad.

**MGA PINGGAN AT KUBIYERTOS**
- Hindi kailangan ng espesyal na pag-iingat. Sina-sanitize sa dishwasher ang kagamitang pangkusina.

**PANGANGASIWA SA MGA SAPIN AT DUMI**
- Isupot ang sapin sa kuwarto ng pasyente. Iwasan ang labis na paghawak at huwag alugin ang sapin. Para sa biohazard waste, sundin ang mga alituntunin para sa Category B Medical Waste.

**PAGLILINIS NG KUWARTO**
- Kapag nakalabas na ang pasyente, panatilihing nakasara ang pinto sa loob ng isang oras o *alinsunod sa mga alituntunin ng pasilidad para sa mga AIIR*.
- Pagkalipas ng isang oras, mga kagawiang pamamaraan sa paglilinis at pagpapalit ng kurtinang pam-privacy alinsunod sa pamamaraan ng ospital.

**MGA EQUIPMENT AT SUPPLY**
- Gumamit lang ng mahahalagang equipment at supply sa kuwarto ng pasyente.
- Gumamit ng equipment na nakatalaga o disposable kapag available.
- Linisin at i-disinfect ang equipment na ginagamit nang paulit-ulit/kuwarto ng pasyente gamit ang disinfectant alinsunod sa patakaran ng pasilidad.

**PAGLILIPAT**
- Alertuhan ang tatanggap na kagawaran hinggil sa katayuan sa pag-isolate ng pasyente bilang pag-iingat.
- Dapat maglinis ng kamay ang pasyente. Pagsuutin ang pasyente ng surgical mask.
- Aalisin ng tagapaglipat ang PPE at maglilinis siya ng kamay bago lumabas sa kuwarto ng pasyente. Kung inaasahang magkakaroon ng direktang contact habang lumilipat, magsuot ng angkop na PPE.
- Linisin at i-disinfect ang sasakyang ginamit sa paglipat.

***Itigil ang pag-iingat alinsunod sa Patakaran ng Pasilidad.***
***Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.***

**420-585 April 2024 Tagalog**
Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.

Washington State Hospital Association

6/5/2024

Washington State Department of HEALTH